


Ang Aking Mga Kaibigang Ayta



Ang Aking Mga Kaibigang Ayta

Illustrations
by
Sevillano (Boy) Simbulan

Story
by
Joanne Green

Summer Institute of Linguistics
Publisher
1994

Published
in cooperation with the
Commission on Philippine Languages
and the
Department of Education, Culture and Sports
Manila, Philippines

Additional copies of this publication may be obtained from:

Book Depository
P.O. Box 2270 CPO
1099 Manila

We wish to express appreciation to the Swedish International Development Authority (SIDA) and the Holiness Union Mission of Sweden (HUM) for their assistance in the production of this publication.

I also wish to thank our Ayta friends who were my consultants for the cultural content, my Tagalog friends who edited my Tagalog, and especially my husband Roger without whose help and encouragement this book would not be a reality.

Illustration on page 18 by Rosemary Rodda.

**Tagalog Storybook about the Ayta
Second Edition**

94.2-1094-17M 57.120P-946017N
ISBN 971-18-0247-3

Printed in the Philippines
SIL Press

Introduksyon

Ang Pilipinas ay bansang sagana sa likas na yaman at kagandahan. Ang mga nakatira sa 300,000 kilometro kuwadrong lupaing ito na may mahigit na 150 iba't ibang salita ay nagpapakilala ng kanilang pagkakaiba-iba ng ugali at kultura at ang ganitong pagkakaiba-iba ng bawat isa, sa kabuuan ay nakadagdag sa kagandahan ng bansang Pilipinas.


Sa buong kasaysayan ng ating bansa, napananatili ng mga pamayanang kultural ang kanilang sariling katangian at sa ngayon ay hinihimok silang panatilihin ang kanilang mayamang pamana.

Ang aklat na ito ay ginawa para mapaunlad ang pagkakaunawaan at pagpapahalaga sa mga Ayta. "Ayta" ang itinatawag nila sa kanilang sarili at sa kanilang wika. "Aeta" ang tawag sa kanila ng ibang mga tao. Sila ay ang grupong kultural, na nakatira sa mga lugar ng Pampanga, Tarlac, Zambales at Bataan. May humigit-kumulang na 15,000 Ayta'ng naiiba ang salita sa mga hindi Ayta. Ang Ayta ay pinakamalaking grupo ng ilang Negrito na pinaniniwalaang ilan sa mga unang tao sa Pilipinas. Dahil ang may-akda ay tumira sa mga baryo ng mga Ayta na sakop ng Floridablanca at Porac, Pampanga, ang katawagang Ayta ay nagmula sa mga lugar na ito. Kaiba ang salita ng mga Ayta sa ibang mga lugar.


Sa pamamagitan ni Paolo sa aklat na ito matutulungang malaman ng mga kabataan ang pagkakaiba-iba ng tradisyon at uri ng pamumuhay upang mapagyaman ang kanilang sariling pamumuhay. Habang tinatanggap at ikinagagalak ng mga kabataan ng bansang ito ang kanilang pagkakaiba, magsisilaki silang may matibay na pang-unawa sa kahalagahan ng pagkakaisa ng mga Pilipino.

Ang Summer Institute of Linguistics sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, ay marangal na ipinakikilala ang aklat na ito bilang isa sa inaasam na serye ng mga aklat na naglalarawan ng uri ng pamumuhay ng ilang grupong kultural sa Pilipinas.


Special thanks
to
Danton and Ann Sherwood
for their support and assistance,
especially in arranging
artwork for this book.



Ako si Paolo. Nakatira kaming mag-anak sa bayan. Marami akong kalaro. Naglalaro kami ng saranggola, siklot, patintero at iba pa.



Nagtitinda ang aking mga magulang ng saging. At malimit kaming pumunta sa bundok para mamili ng mga ito.



Binibili namin ang mga saging sa mga Ayta na nakatira sa kabundukan.



Marami akong kalaro roon. Tinuturuan ko sila ng iba't ibang uri ng laro. Tinuturuan din nila ako ng kanilang mga nilalaro. Marami rin sa kanila ang tumutulong sa kanilang mga magulang gaya ng pangangahoy at pag-aalaga ng mga nakababatang kapatid.



Si Ornat ay isa sa mga Aytang kaibigan ko. Kapag siya ay inuutusan ng kanyang nanay na umigib ng tubig, tinatawag din niya ako para sabay kaming umigib.




Isinasama rin ako ni Ornat sa pagpapastol ng kalabaw. Gustong-gusto naming magpastol ng kalabaw. Karaniwan na rin kay Ornat ang tumayo sa likod ng kalabaw habang ito ay nanginginain ng mga damo sa bundok.




“Halikayo,” tawag ng tatay ni Ornat noong isang araw. “Pumunta tayo sa ilog at manghuli ng mga isda.” Nagdala siya ng panghuli ng isda. “Baril-barilan” ang tawag doon. Yari ito sa kahoy, goma at maliit na yero. May dala rin siyang salaming panisid. Ito ay uri ng salamin na isinusuot sa mata para makadilat ng matagal sa ilalim ng tubig upang makita ang hinuhuling isda.



Sumama rin ang nanay ni Ornat. Dahil sanggol pa ang kapatid ni Ornat, siya ay inilagay sa isang sakbat na tinatawag nilang “sakbi.” Kaya kahit malayo ang pupuntahan o nagtatrabaho man, hindi nahihirapang magkarga ng bata ang kanyang nanay. Pag lumaki-laki na ang bata ay itinatali na lang siya sa likod ng kanyang nanay. Masipag at malakas ang mga nanay na Ayta.




Sumisid kami ni Ornat sa ilog. Magaling lumangoy ang mga kaibigan kong Ayta dahil lumaki sila sa malapit sa ilog. Galing sa ilog ang kanilang gustong mga pagkain na katulad ng isda, hipon, alimasag, at biya.



Si Ornat ay marunong gumamit ng salaming panisid. Sumisid siya sa ilalim ng ilog at sumilip sa mga bato. Kapag nakakita na siya ng isda, ikakasa na niya ang kanyang baril-barilan para panain iyon. Pag napana niya iyon ilalabas niya para ibigay sa kanyang kasama upang makapanghuli siyang muli.



Isinukat ko ang salaming panisid ni Ornat. Bagay daw sa akin ang tinatawag nilang “antukus.”




Kahit wala kaming dalang posporo, nakagawa ang mga kaibigan kong Ayta ng apoy sa pamamagitan ng pagkikiskis ng biniyak na tuyong buho. Niluto namin ang mga nahuling isda sa loob ng buho na may tubig at dahon ng alibangbang na pampaasim. Nasarapan kami sa lutong tinatawag na “patulang.”




Habang pabalik na kami sa barrio nadapa ako at nasugatan. Pumutol sila ng isang puno ng saging at inilagay ang dagta ng puno ng saging sa sugat ko para raw huminto ang pagdaloy ng dugo.



Pagdating sa bahay nilinis nila ang sugat ko sa pamamagitan ng paglanggas ng pinakulong dahong bayabas.



Kahit wala silang maraming pera, marunong silang magmahal. Ipinapakita nila sa akin ang kanilang pagmamahal. Mahalaga sa mga Ayta ang pagbibigayan at pakikisama. Mas gusto nilang magkaroon ng kasiyahan sa buhay kaysa sa maraming pera.




Kahit kaiba sa akin ang ugali ng mga Ayta, nakikita ko na mabait at masaya sila. Marami akong alam na hindi nila alam pero marami rin silang alam na hindi ko alam, katulad ng paghahanap ng pagkain at gamot sa bundok. Kaya puwede kaming magtulungan. Sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagmamahalan, matutupad ang gusto kong maging matatag ang bansa nating Pilipinas.

Alam mo ba . . .

“Negrito” ang pangalan ng mga taong may maitim na balat, kulot ang buhok at pandak. Sila ang mga unang tumira sa Pilipinas.

Maraming grupong Negrito sa Pilipinas. Marami rin ang mga pangalan nila. May Ayta/Aeta¹, Agta, Atta, Ati, Batak, Dumagat, Mamanwa at iba pa. Mayroon silang mga sariling wika na iba sa mga taong nasa paligid nila.



¹“Ayta” ang itinatawag nila sa kanilang mga sarili at sa kanilang wika. “Aeta” ang tawag sa kanila ng ibang mga tao.

Nakakapaghanapbuhay ang mga Ayta sa pamamagitan ng pagtitinda ng saging, puso ng saging, uling, buho, kugon, kawayan, kahoy at iba pang mga galing sa bundok.

Nagtatanim din sila ng maraming klaseng kamote para sa kanilang sariling mga pamilya. Gusto nilang magtanim ng gulay kung mayroon silang binhi.



“Bangkat” ang tawag nila sa basket na ginagamit nila sa kanilang likod kung mayroon silang kakargahin.

Interesting Information about the Ayta

(for the teacher)

The Ayta are the largest Negrito group in the Philippines. Although their origin is unsure, it is believed Negritos arrived several thousand years ago and were the original inhabitants of the Philippines. There are an estimated 15,000 Ayta in Pampanga, Tarlac, and Zambales. These Ayta speak five distinct Ayta languages and most can speak one or more other languages such as Kapampangan, Tagalog, Ilocano, or Sambal.

The Ayta originally lived in the lowland areas bordering the lowlands all around Mt. Pinatubo and most of the Zambales mountains. During World War II Ayta hid American soldiers and taught them how to survive in the forest. Later during the Vietnam war, several Ayta were employed in a survival training school to teach American pilots jungle survival if they were shot down.

As hunter-gatherers practicing part-time shifting agriculture, they moved about the hills frequently. They are excellent hunters, knowing the types of plants that animals eat or live near. They know how to build traps for birds and larger animals. They are very accurate with the bow and arrow, although they also use the pump-air gun. They also know how to use many plants for medicinal purposes.

As lowland farmers settled in traditional Ayta areas, the Ayta simply moved to other areas. Since the eruption of Mt. Pinatubo the Ayta have resettled in large villages in the foothills of Pampanga and Zambales. A few Ayta have returned to former villages deeper in the mountains, but most of these are still uninhabitable due to ash. Most Ayta use a brideprice system when they plan to marry. The groom may pay cash, a carabao, a pig, chickens, a radio, some cloth material or a combination of these. He may also agree to work for the bride's family as part of the brideprice.

The Ayta have their own traditional musical instruments. They make a mountain guitar (called *gitaran bung-uy*) by hollowing out a single piece of wood and then gluing a flat wood cover over the front. There

are five strings, and only a few chords are played with a difficult sliding motion. They also make a mountain flute (*bulungudyung*) from bamboo, an Ayta violin (*kêtakêt*)¹ and drums (*talibêng*).

Most Ayta believe that spirits inhabit their physical surroundings. Sometimes when an Ayta becomes seriously ill, his relatives will call another Ayta who knows how to chant and ask the spirits if the sick person has offended them. During this evening ceremony the Ayta relatives dance, play their Ayta guitar, and chant. To appease the offended spirit, a sacrifice of a small animal is made. Some Ayta have become Christians and worship with Catholics, Protestants, and Pentecostals.

Some Ayta will change to become more like the people in the lowland culture, but the majority of Ayta will continue to practice their distinct culture. As Filipinos respect the Aytas' unique and interesting culture while helping them to adjust to all the changes around them, both lowland and Ayta people will benefit.

References:

Shimizu, Hiromu. 1989. *Pinatubo Aytas: Continuity and Change*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press. (available at National Bookstores)

Noval-Morales D. and J. Monan. 1979. *A Primer on the Negritos of the Philippines*. Manila: Philippine Business for Social Progress.

¹“ê” is a distinct sound in the Ayta language. It is pronounced like “u” with the lips spread as if smiling. The sound is best learned from an Ayta speaker.